Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-25 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 HULYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

---

KAPASYAHAN BLG. 054
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKI-DALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG SPO2 EDDIE IBAÑEZ GALARAN NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T si SPO2 Eddie Ibañez Galaran ay naglingkuran bilang isang alagad ng batas sa loob ng mahigit na dalawampu't walong (28) taon;

SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Enero 15, 1971 kung saan siya ay nahirang bilang isang Private First Class sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas;

SAPAGKA'T dahilan sa kanyang kasipagan at katapatan sa sinumpaang tungkulin siya ay unti-unting naitaas sa tungkulin hanggang maging Senior Police Officer 2;

SAPAGKA'T bilang pagtitiwala sa kanyang kakayahan sa pagdadala ng responsibilidad, si SPO2 Eddie Ibañez Galaran ay itinalaga sa bayan ng Bulalacao ng lalawigang ito bilang Officer-in-Charge Chief of Police sa loob ng labing-isang (11) buwan;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak at sa mga kasamahan sa tanggapang kinabibilangan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya at mga kaanak ng namayapang Eddie Ibañez Galaran.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng pumanaw na SPO2 Eddie Ibañez Galaran ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Elsie F. Galaran lakip ang aming tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 05 Hulyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:

EDUARDO G. VILLAMIN
Pangulo, Liga ng mga Barangay/
Acting Secretary to the Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mercy/